Hunyo 26, 2020
Kawanihan ng Imigrasyon

Kahilingan mula sa kawanihan ng Imigrasyon

Upang maiwasan ang pagkalat ng mga bagong nakakahawang sakit na coronavirus, bilang isang hakbang upang mabawasan ang pagsikip sa residence application window, pinapayagan ng Kawanihan ng Imigrasyon na maaaring mag-aplay para sa mga application na may kaugnayan sa paninirahan hanggang sa 3 buwan pagkatapos ng pag-expire ng panahon ng pananatili para sa mga residente na natapos na ang kanilang panahon ng pananatili mula sa Marso hanggang sa Hulyo ng taong ito.

Para sa mga nag-iisip na mag-aplay para sa permanenteng permiso sa paninirahan, maaari kayong mag-aplay sa anumang oras sa panahon ng inyong pananatili sa Japan. Mangyari po lamang na mag-aplay matapos umayos ang sitwasyon.

Bukod pa dito, hindi pinapayagan na pumasok sa Japan habang hindi pa nakakansela ang paghihigpit sa pagpasok sa bansa o rehiyon ng pananatili kahit may "Certificate of Eligibilty", maliban na lamang kung kinikilala na may espesyal na pangyayari. Dahil dito, inirerekumenda na mag-aplay para sa "Certificate of Eligibilty" pagkatapos mapabuti ang sitwasyon.

Tungkol sa iba pang mga aplikasyon, mangyari po lamang na huwag munang bumisita sa ahensya hangga't maaari upang maiwasan ang pagkalat ng impeksyon.